

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka       
20

## Pagkilala sa pang-uri

*Panuto:* Ang pang-uri (*adjective*) ay salitang naglalarawan sa isang pangngalan (*noun*) o panghalip (*pronoun*). Salungguhitan ang pang-uri sa bawat pangungusap. Gumuhit na *arrow* mula sa pang-uri hanggang sa pangngalan o panghalip na inilalarawan nito.

1. Ang paninigarilyo ay masama sa katawan.
2. Nalaglag ang mga hinog na bunga ng punong-kahoy.
3. Maraming tao ang napinsala ng lindol.
4. Tahimik ang buhay nila sa kabukiran.
5. Si Pedring ay masipag na mangingisda.
6. Simple lang ang pangarap ni Melody sa buhay.
7. Ang bata na nagsasabi ng totoo ay matapat.
8. Ang trak ay dumaan sa makitid na tulay.
9. Sina Dina at Ramon ay may tatlong anak.
10. Hindi na matalim ang kutsilyo sa kusina.
11. Sanay na ako sa ingay ng mga kaklase ko.
12. Hindi ako kumakain ng pagkain na maalat.
13. Huwag kang matakot sa maamong aso.
14. Ang maong na ibinigay mo ay kupas na.
15. Malinis ang tubig mula sa balon.
16. Lanta na ang mga rosas sa plorera.
17. May mantsa ang puting uniporme ni Lydia.
18. Sariwa ba ang mga gulay sa palengke?
19. Narinig mo ba ang malakas na tunog?
20. Dumating na ang kuwadradong salamin para sa sala.